

PAHAYAG NG IMPORMASYON SA BAKUNA

Bakuna sa Polio:

Ano Ang Kailangan Mong Malaman

Many Vaccine Information Statements are available in Tagalog and other languages. See www.immunize.org/vis

Maraming Pahayag ng Impormasyon sa Bakuna ang makukuha sa Tagalog at sa iba pang mga wika. Tingnan sa www.immunize.org/vis

1. Bakit magpapabakuna?

Mapipigilan ng bakuna sa polio ang polio.

Ang polio (o poliomyelitis) ay isang nakakabaldado at mapanganib sa buhay na sakit na dulot ng poliovirus, na maaaring makaimpeksyon sa spinal cord ng isang tao, na humahantong sa pagkaparalisa.

Karamihan ng mga taong naimpeksiyon ng poliovirus ay walang sintomas at marami ay gumagaling nang walang komplikasyon. Ang ilang mga tao ay makakaranas ng pananakit ng lalamunan, lagnat, pagkapagod, pagduruwal, sakit ng ulo, o pananakit ng tiyan.

Ang isang mas maliit na grupo ng mga tao ay magkakaroon ng mas malubhang mga sintomas na nakakaapekto sa utak at spinal cord:

- Paresthesia (pakiramdam ng mga pagtusok at karayom sa mga binti),
- Meningitis (impeksyon ng pantakip ng spinal cord at/o utak), o
- Pagkaparalisa (hindi maigalaw ang mga bahagi ng katawan) o panghihina sa mga braso, binti, o pareho.

Ang pagkaparalisa ay ang pinakamalalang sintomas na nauugnay sa polio dahil maaari itong humantong sa permanenteng kapansanan at kamatayan.

Maaaring mangyari ang mga pagbuti sa pagkaparalisa ng paa, ngunit sa ilang mga tao ay maaaring magkaroon ng panibagong pananakit at panghihina ng kalamnan pagkalipas ng 15 hanggang 40 taon. Ito ay tinatawag na “post-polio syndrome.”

Napuksa na ang polio sa Estados Unidos, ngunit nangyayari pa rin ito sa ibang bahagi ng mundo. Ang pinakamahusay na paraan upang protektahan ang iyong sarili at panatilihin walang polio sa Estados Unidos ay ang pagpapanatili ng mataas na imyunidad sa sakit (proteksyon) sa populasyon laban sa polio sa pamamagitan ng pagbabakuna.

2. Bakuna sa polio

Ang mga bata ay karaniwang dapat makakuha ng 4 na dosis ng bakuna sa polio sa edad na 2 buwan, 4 na buwan, 6–18 buwan, at 4–6 taon.

Karamihan ng nasa hustong gulang na ay hindi kailangan ng bakuna sa polio dahil nabakunahan na sila laban sa polio bilang mga bata. Pero ang ilang nasa hustong gulang ay may mas mataas na peligro at dapat isaalang-alang ang pagpapabakuna laban sa polio, kabilang ang:

- Mga taong nagbibiyahen sa ilang bahagi ng mundo
- Mga nagtatrabaho sa laboratoryo na maaaring humawak ng poliovirus
- Mga trabahador sa pangangalagang pangkalusugan na gumagamot sa mga pasyente na maaaring may polio
- Mga taong hindi nabakunahan na ang mga anak ay tatanggap ng iniinom na bakuna sa poliovirus (halimbawa, international adoptees o refugees)

Maaaring ibigay ang bakuna sa polio bilang isang nagsosolong bakuna, o bilang bahagi ng kumbinasyong bakuna (isang uri ng bakuna na pinagsasama-sama ang higit sa isang bakuna sa isang iniksyon).

Maaaring ibigay ang bakuna sa polio kasabay ng iba pang mga bakuna.

3. Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan

Sabihin sa iyong tagapagbigay ng pagbabakuna kung ang taong babakunahan ay:

- Nagkaroon ng **allergic na reaksiyon makalipas ang nakaraang dosis ng bakuna sa polio**, o may anumang **malala, banta sa buhay na mga allergy**

Sa ilang mga kaso, maaaring magpasya ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na ipagpaliban ang pagbabakuna para sa polio hanggang sa isang pagbisita sa hinaharap.



U.S. Department of Health and Human Services
Centers for Disease Control and Prevention

Maaaring mabakunahan ang mga taong may kaunting karamdaman, tulad ng sipon. Ang mga taong may katamtaman o malubhang sakit ay karaniwang dapat maghintay hanggang sa sila ay gumaling bago kumuha ng bakuna sa polio.

Walang gaanong nalalaman tungkol sa mga panganib ng bakunang ito para sa mga buntis o nagpapasuso. Gayunpaman, ang bakuna sa polio ay maaaring ibigay kung ang isang buntis ay nasa mas mataas na panganib para sa impeksyon at nangangailangan ng agarang proteksyon.

Ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ay makakapagbigay sa iyo ng higit pang impormasyon.

4. Mga panganib ng isang reaksiyon sa bakuna

- Maaaring mangyari ang namamagang lugar na may pamumula, pamamaga, o pananakit kung saan ibinibigay ang iniksiyon pagkatapos ng pagbabakuna para sa polio.

Ang mga tao kung minsan ay hinihimatay matapos ang mga medikal na pamamaraan, kabilang ang pagbabakuna. Sabihin sa iyong tagapagbigay ng serbisyo kung nakakaramdam ka ng pagkahilo o may mga pagbabago sa iyong paningin o pagugong sa iyong mga tainga.

Tulad ng anumang gamot, mayroong napakaliit na tsansa na ang isang bakuna ay maging sanhi ng malalang allergic na reaksiyon, ibang malubhang pinsala sa katawan, o pagkamatay.

5. Paano kung may isang malubhang problema?

Ang isang allergic na reaksiyon ay maaaring mangyari pagkatapos na ang taong nabakunahan ay umalis sa klinika. Kung makakita ka ng mga palatandaan ng matinding allergic na reaksiyon (mga pantal, pamamaga ng mukha at lalamunan, hirap sa paghinga, mabilis na tibok ng puso, pagkahilo, o panghihina), tumawag sa 9-1-1 at dalhin ang tao sa pinakamalapit na ospital.

Para sa iba pang mga palatandaan na nakakabahala sa iyo, tawagan ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Dapat iulat ang mga hindi mabuting reaksiyon sa Sistema ng Pag-uulat ng Hindi Mabuting Pangyayari kaugnay ng Bakuna (Vaccine Adverse Event Reporting System, VAERS). Karaniwang isinusumite ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ang ulat na ito o maaaring ikaw mismo ang gumawa nito. Bisitahin ang website ng VAERS sa www.vaers.hhs.gov o tumawag sa 1-800-822-7967. Ang VAERS ay para lamang sa pag-uulat ng mga reaksiyon, at ang mga tauhan ng VAERS ay hindi nagbibigay ng medikal na payo.

6. Pambansang Programa ng Kabayaran para sa Pinsala kaugnay ng Bakuna

Ang Pambansang Programa ng Kabayaran para sa Pinsala kaugnay ng Bakuna (National Vaccine Injury Compensation Program, VICP) ay isang pederal na programang nilikha upang mabayaran ang mga taong maaaring napinsala ng ilang mga bakuna. Ang mga paghahabol tungkol sa di-umano'y pinsala o pagkamatay dahil sa pagbabakuna ay may limitasyon sa oras para sa paghahain, na maaaring kasing-ikli ng dalawang taon. Bisitahin ang website ng VICP sa www.hrsa.gov/vaccinecompensation o tumawag sa 1-800-338-2382 upang malaman ang tungkol sa programa at tungkol sa paghahain ng claim.

7. Paano ako makakakuha ng karagdagang kaalaman?

- Tanungin ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.
- Tumawag sa iyong lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan.
- Bisitahin ang website ng Food and Drug Administration (FDA) para sa mga kalakip ng pakete ng bakuna at karagdagang impormasyon sa www.fda.gov/vaccines-blood-biologics/vaccines.
- Makipag-ugnay sa Mga Sentro ng Pagkontrol at Pagpigil ng Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC):
 - Tumawag sa 1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO) o
 - Bisitahin ang website ng CDC sa www.cdc.gov/vaccines.

Tagalog translation provided by Immunize.org

